# 多言語情報コーナー　　　　　　　　　　（令和６年　９月号）

## 1. Paghahanda sa Lindol

Noong ika-8 ng Agosto ay nagkaroon ng malakas na lindol sa Miyazaki Prefecture na may magnitude na 7.1 at naitalang mababang intensity 6 sa Japanese Seismic Scale. Nagbigay babala ang Japan Meteorological Agency na may malaking posibilidad na magkakaroon ng mas malakas pang lindol sa may Nankai Trough.
Ang Nankai Trough ay parang trench sa ilalim ng karagatan mula Shizuoka Prefecture hanggang Miyazaki Prefecture sinasabing magdudulot ng malakas na paglilindol kung gumalaw ang mga plates sa ilalim ng karagatan. Sa Nankai Trough na ito ay pinaniniwalaang nagkakaroon ng malalakas na lindol na may magnitude na 8 sa pagitan ng 100 at 150 taon.
Inaasahan ng Seismic Research Commission ng pamahalaan na may darating na malakas na paglindol na may magnitude na 8 hanggang 9 sa darating na 30 taon. Ito ay may posibilidad ng 80 hanggang 90 porsyento.
Kung sakaling magkaroon ng Nankai Trough mega-earthquake, may panganib na magkaroon ng　pagyanig na may seismic intensity na 6-lower o mas mataas at tsunami na 3 metro o higit pa ang taas mula sa Kanto region hanggang sa Okinawa region.
Bagama't mababa ang posibilidad ng malaking pinsala na maganap sa Tochigi Prefecture, mahalagang tiyakin muli ang mga paghahanda para sa pangaraw-araw. Kasama sa "pang-araw-araw na paghahanda" ay ang pag-secure ng mga kasangkapan, pagkabisado sa mga lugar at ruta ng paglilikasan, pag-iimbak ng tubig, at iba pa at pagtiyak din kung paano makipag-ugnayan sa mga miyembro ng pamilya.
Hindi natin alam kung kailan o saan magaganap ang isang lindol, hindi lamang sa Nankai Trough. Kapag naninirahan sa Japan, kailangan laging handa sa araw-araw upang maaaring mahinahon kumilos sa kaganapan ng isang emergency.

## 2. Impormasyon sa Benepisyong Pinansyal Dahil sa Tax Payment Adjustment

Bilang tugon sa pagtaas ng mga presyo ng mga bilihin at isang komprehensibong hakbang sa ekonomiya upang ganap na mapagtagumpayan ang deflation ay magbibigay ng kabuuang 40,000yen (30,000yen mula sa income tax at 10,000yen naman para sa indibidwal na Residence Tax ng taong 2024) bawat taxpayer na may asawa o dependents na nakatira sa parehong tahanan ay may ilalapat na tax reduction na 10,000 yen sa Residence Tax para sa taon na kasalukuyan.
Kaugnay nito, ang mga inaasahang hindi makakatanggap ng buong fixed tax reduction ay makakatanggap ng "adjustment benefit" na kinakalkula sa pamamagitan ng pag-round up ng halagang pinakamalapit na 10,000 yen.
Sa mga residenteng nakatira na sa lungsod mula pa sa umpisa ng taon at nakapagbayad sa alinman sa Income Tax o ng indibidwal na Residence Tax na inaasahang hindi magkakaroon ng fixed tax reduction ay kwalipikado sa benepisyong ito.
Ang pamahalaang lungsod ay nagpadala na ng mga abiso ukol dito mula pa noong umpisa ng Agosto para sa mga karapat dapat na makakatanggap ng pinansyal na benepisyo. At upang matanggap ang nasabing benepisyo ay kailangang ibalik ang mga application forms na nasulatan. Dapat tiyakin ang mga inpormasyon na nakasaad, punan ang mga puwang na dapat sulatan ng mga kailangang impormasyon at ilakip ang mga kailangang dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan. Ilagay sa return envelope at ipadala sa pamamagitan ng koreo. Ang aplikasyon ay hanggang sa ika-31 ng Oktubre ng 2024.
Kung inaasahang kwalipikado sa benepisyong ito ngunit hindi pa nakatanggap pa ng abiso mula sa munisipiyo ay tumawag sa Tochigi City Temporary Benefits sa kanilang hotline 0282-25-5211
Ibigay ang pangalan at araw ng kapanganakan, Mahalagang nakakapagbayad na ng mga nasabing uri ng buwis upang maging eligible sa pagtanggap ng benepisyo.

## 3. Tungkol sa Pagdaraos ng Andon Festival sa Uzuma River

Ang 11th Uzuma River Lamp Post Festival ay ginaganap upang pasayahin ang mga gabi ng summer sa gilid ng Uzumagawa River, na siyang simbolo ng Tochigi City na dumadaloy sa kalagitnaan nito.
Mula sa tulay ng Kaiunbashi hanggang sa Uzuma Park, mayroong 123 paper lamp post dinikitan ng mga ginupit na papel ng tanyag na artist na si Kawashima Ganshu ng Tochigi City na mga hugis warehouses, floats at iba pa na magbibigay ng karagdagang ningning sa gabi ng tag-init sa lungsod.
Ang mga lamp posts ay iilawan mula alas 7:00 hanggang alas 10:00 ng gabi hanggang sa ika-30 ng Setyembre.
Halina at maglakad sa tabi ng ilog at pagmasdan ang mga nagniningning na mga lamp posts.
Paalaala lamang na ang lugar kung saan nakapwesto ang mga inilawang lamp post ng “Andon” ay nakaharap sa kalsada, kaya mangyaring mag-ingat sa pagdaan ng mga sasakyan.